THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 DOST-FNRI NATIONAL NUTRITION SURVEY, NAKATAKDANG ISAGAWA SA LUNGSOD NG CALAPAN

VOLUME 2 No. 52 Nov. 06, 2023 - Nov. 12, 2023

# SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY CARAVAN, BALIK-ARANGKADA!



MULING nagbabalik ang Pamahalaang Lungsod sa pagbibigay ng Serbisyong TAMA para sa Barangay — ang programang pinakainaabangan ng taumbayan ng Calapan. Sa pag-arangkada nito, unang sinadya ng Pamahalaang Lungsod ang mga mamamayan sa Brgy. Canubing I noong ika-7 ng Nobyembre.

Sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at ng Serbisyong TAMA Center na pinamumunuan ni Mr. Joseph Dytioco, nakapagbigay ng serbisyo ang mga opisina at departamento tulad ng City Agricultural Services Department, Persons with Disability Affairs Office, Office of the Senior Citizens' Affairs, City Health and Sanitation Department, City Socialized Medical Health Care Office, City Social Welfare and Development Department, Local Civil Registry Department, City Legal Department, Public Attorney's Office, City Treasury Department, City Assessor's Office, at Business Permit and Licensing Section.

Nakiisa din sa caravan ang Land Transportation office, Philippine Coast Guard, Philippine National Police, Bureau of Fire Protection, PhilHealth, TESDA, SSS, PSA at PhilSys, at Pag-IBIG Fund.

Kaalinsabay ng Serbisyong TAMA Barangay Caravan, isinagawa ang Sectoral Consultation na pinangunahan naman ni City Administrator, Atty. Reymund Al Ussam kasama ang mga Department Heads at Program Managers. Dito ay tinipon ang mga opisyal at sectoral representatives ng barangay, sa pangunguna naman ng Incumbent Brgy. Chairman Joselito Olaño at ng Incoming Brgy. Chairman na si Hon. Emmanuel Quinto Matibag, upang mabigyan ng kasagutan ang mga suliraning kinakaharap ng pamayanan (Thea Marie J. Villadolid/ CIO).






THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER


JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM






TINGNAN: Nagpapatuloy ang ginagawang pagbalangkas ng Coconut Industry Roadmap ng Oriental Mindoro na pinangunahan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangangasiwa ng Provincial Agriculture Office (PAgO) na isinagawa sa Vencio's Garden Hotel and Restaurant, Calapan City noong Nobyembre 9.

Sinimulan ang nabanggit na gawain noong Nobyembre 8 at natapos noong Nobyembre 10.

Ayon kay Provincial Agriculturist Christine M. Pine ang mga magniniyog ang itinuturing na pinakamahirap na magsasaka sa ating bansa kung kaya't ang sektor na ito ang kasalukuyang pinagtutuunan ng pansin ng pamahalaan. Isa rin, aniya sa identified priority agricultural product ng Oriental Mindoro ang niyog at nais ni Governor Bonz Dolor na higit pang paunlarin ang sektor na ito. Sa pamamagitan ng pagbuo ng road map sa pagniniyog, mailalatag ng pamahalaan ang mga prioridad na programa at interbensyon upang maiangat ang nabanggit na industriya.

Natapos na ang road map para sa calamansi at sa mga susunod na panahon ay isusunod na ang mga plano at programa para naman sa iba pang prayoridad sa agrikultura tulad ng fisheries, banana at sibuyas at gulay.

Ibinahagi naman ni PAgO Agricultural Technologist Sharmaine Cruzado na ang MIMAROPA ang 6th top producer ng niyog sa buong bansa kung saan umaabot sa mahigit 61,000 metric tons ang average production na sumasakop sa mahigit 32,000 ektarya. Idinagdag pa niya ang mga interbensyon sa sektor ng pagniniyog na kasalukuyang ipinatutupad ng PAgO tulad ng input support, product development, financial support, value addition, training support, technical support services at maging ang agri-info hub sevices.

Inaasahan na sa pagtatapos ng gawain, makakabuo na ng action plan kung saan matutukoy ang mga inisyatiba kaugnay ng mga key related areas, startegies at flagship programs, responsible institutions, resources at ang timeframe ng mga gawaing ito. Dumalo rin sa planning workshop ang mga kinatawan mula sa mga konsernadong ahensya at organisasyon tulad ng Phil. Cocconut Authority, DTI, DOST, ATI, DA, PHILMEC, LBP, DBP, PCIC, CDA, ACPC at mga farmer processors. (PIO Calapan)








For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# DOST-FNRI NATIONAL NUTRITION SURVEY, NAKATAKDANG ISAGAWA SA LUNGSOD NG CALAPAN

Noong ika-3 ng Nobyembre, dumating sa Pamahalaang Lungsod ng Calapan ang (67) Field Staff Researchers na mula sa Department of Science and Technology-Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI), para sa kanilang isasagawang "National Nutrition Survey (NNS) 2023-2024" sa Lalawigan ng Oriental Mindoro.

Layunin ng National Nutrition Survey (NNS) na makapagbigay ng empirikal na datos sa nutrisyon at kalagayang pangkalusugan ng mga Pilipino na mahalagang input, para sa pagbuo ng mga patakaran sa nutrisyon, at kalusugan at pagpaplano ng mga programa sa nutrisyon.

Saklaw ng aktibidad na ito ang (10) Munisipalidad, (24) Barangay, at kabuuang (391) Households sa Oriental Mindoro, kung saan kabilang dito ang (9) na Barangay sa Lungsod ng Calapan at inaasahang magsisimula ngayong ika-3, hanggang ika-14 ng Nobyembre.

Sa naturang pagbisita, nakadaupang-palad ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at ng mga kasapi ng Calapan City Health and Sanitation Department-Nutrition Section sa pangunguna ni City Nutrition Action Officer, Ms. Glenda M. Raquepo, RN siMs. Carol Fe C. Repil (Project Technical Specialist III) at ang iba pa niyang mga kasamahan sa DOST-FNRI na binubuo ng mga Licensed Nutritionist-Dietitian, Nurses at Licensed Medical Technologist, kung saan kabilang din dito ang mga survey aide and supervisors (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



# OKTOBERFEST CALAPAN 2023





*"Deserve po nating lahat na makaranas ng ganitong kasiyahan dahil nanatiling kaisa ko po kayo sa magagandang layunin ko para sa ikakabuti ng ating Lungsod ng Calapan, magsaya po tayo dahil ang gabing ito ay para po sa inyo mga minamahal kong Calapeño"—Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo*

Buzzer Beater ang Oktoberfest Calapan 2023 na ginanap noong Oktubre 31, ngunit sulit na sulit naman ang mga Calapeño sa inihandang pampasaya ng Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni City Mayor Malou Flores-Morillo.

Tulad ng taunang selebrasyon ng Oktoberfest ay inaabangan ang bonggang street party sa kahabaan ng J. P Rizal Street. Dahil likas sa mga Calapeño ang pagkahilig sa pagkain kung kaya naman dito ay hindi nawawala ang mga nakakatakam na pagkain, mga lutong ulam at street foods gaya ng barbeque, siomai, takoyaki, shawarma, lechon, calamares at marami pang iba na talaga namang sisira sa iyong diet. Nariyan din ang masasarap na inumin tulad ng fruit juices, milk tea, ice crumble at palamig may iba't ibang flavors pa.

Kapag may Oktoberfest, hindi lamang mga tiyan natin ang bubusugin sa dami ng pagpipiliang pagkain dahil tiyak na bubusugin din ang ating mga mata sa dami ng mapapanuod na live bands na nagtampok sa mga local musicians/performers mula sa Calapan City.

Istorbo man ang panaka-nakang pagbuhos ng ulan sa kalagitnaan ng selebrasyon ay hindi naging hadlang ito sa pagsasaya ng mga partygoers.

Tuloy-tuloy lang ang inuman, kainan at masayang bonding ng magkaka-tropa, barkadahan at magkaka-pamilya habang non-stop din ang rakrakan sa live performances ng mga banda na may kanya-kanyang genre.

Kabilang sa mga ipinagmamalaking pure local bands na nagpasaya sa Oktoberfest 2023 sa Calapan ay ang mga sumusunod: Banda ni Sadam, Parokya ni Pons, New Kids, Easy to Get, Pilyos, Up and Away, Untold, Otitoko, Gnawface, Kids Can Tell, Mayora Juana, Hulo at Izay.

Dala ng excitement ay hindi nakapagpigil ang ilang mga kabataan na sumayaw at sumabay sa bagsakan ng kanilang mga paboritong banda na lalong nagpa-hype sa crowd. Sinabayan din ng mga millennials ang pambasag na rap performances ng Calapan Rookies.

Para kay City Mayor Malou Flores-Morillo ang ganitong uri ng okasyon ay nagpapamalas ng pagkakaisa ng bawat isang Calapeño, na sa bihirang pagkakataon ay magkakasamang nagkakasiyahan ang mga magkaka-pamilya magkakaibigan at magkakatrabaho.

Si City Councilor Atty. Jel Magsuci ay kasama din ng mga Calapeño sa naturang gabi ng kasiyahan. Dito ay kanyang sinabi na walang ibang layunin ang ang Pamahalaang Lungsod kundi mabigyan ng kasiyahan ang mga mamamayan, at bilang kasapi ng Sangguniang Panlungsod ay buo ang kanyang pagsuporta sa kasalukuyang administrasyon ni Mayor Malou Morillo tungo sa magandang pangarap nito para sa Calapan.

Samantala, upang ipakita ang kanyang pagsuporta sa mga malilit na negosyante sa Calapan, isa-isang pinuntahan ni Mayor Morillo ang puwesto ng mga manininda na lubos naman nilang ikinatuwa.

As usual, gaya ng mga paninda ng mga taga-night market ay mabenta rin siyempre si Mayora sa mga tindera at mga bumibili na gustong magpa-selfie sa kanya.

Sa Oktoberfest 2023 ay naging atraksyon din ang panindang motorsiklo ng Benelli Mindoro gayundin ang mga produkto ng Green Arctic Watersports & Powersports Co., LTD.

Ang katatapos lamang na Oktoberfest 2023 ay naging matagumpay dahil sa maayos na pangangasiwa ng Calapan City Tourism, Culture and Arts sa pamumuno ni City Tourism Officer Christian Gaud, katuwang ang iba pang konsernadong departamento ng City Hall at ng Calapan City Police Station para sa pagpapanatili ng seguridad. (Junard Acapulco/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 52 Nov. 06, 2023 - Nov. 12, 2023

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *ELDERLY FILIPINO WEEK 2023*

GAMIT na basehan ang 'Proclamation No. 470' ay taunang ginugunita sa buong bansa ang Elderly Filipino Week, na ang pangunahing layunin ay mabigyang diin ang mahalagang papel ng sektor ng matatanda sa pagtatatag ng lipunan at pagsusulong ng mga adbokasiyang magtataguyod ng kanilang karapatan at kapakanan.

Sa taong 2023, bagaman naantala ang Elderly Filipino Week Celebration para sa mga senior citizens ng Calapan ay matagumpay naman itong naisakatuparan sa pangangasiwa ng mga opisyales at miyembro ng United Senior Citizen Association of Calapan Oriental Mindoro (USCACOM Inc.).

Sa diwa ng tema ng selebrasyon, *"Honoring the Invaluable Legacy of the Filipino Senior Citizens"*, ay isang payak ngunit isang makabuluhang gawain ang isinakatuparan ng mga pangunahing mamamayan sa lungsod, ginanap sa Bulwagang Panlalawigan, Provincial Capitol Complex, Nobyembre 4, 2023.

Muling pinatunayan ng nina Lolo at Lola sa Calapan na kung patalbugan sa postura at kasuotan ang paguusapan ay hindi pa rin sila magpapaiwan. Animo'y mga babagong-sibol sa kasalukuyang panahon ang kagandahan at kakisigan ng mga Lolo at Lola na nagsidalo sa naturang aktibidad. Dahil bahagi ng pakulo ang pagkakaroon ng 'Search for USCACOM Queen and Maids' ay napapanahon na para irampa ang kanilang mala-reyna at mala-haring pangmalakasan.

Sa ganitong okasyon ay hindi nawawala ang pagpapakitang gilas ng kanilang mga natatagong talento sa pagsasayaw, pag-awit at may special drama talent pa na talagang hinangaan at pinalakpakan ng mga kapwa seniors at iba pang bisita.

Dahil mahalaga kay City Mayor Malou Flores-Morillo ang mga kapwa niya senior citizens ay sadyang naglaan siya ng oras upang makadalo sa paanyaya sa kanya.

Lubos na ikinatuwa nina Lolo at Lola ang pagdating ni Mayor Malou sa kanilang okasyon na para sa kanila ay nagpapatunay na kinakalinga sila ng Pamahalaang Lungsod.

Payo ni Mayor Malou sa kapwa niya senior citizens na maging masayahin upang mas humaba pa ang buhay. Kanya ring binigyang diin ang kahalagahan ng mga seniors sa pagpapanatili ng yaman ng kultura at tradisyon para sa Calapan. Hindi aniya matatawaran ang mga kaalaman at karanasan na ibinabahagi ng mga ito para sa mga susunod pang henerasyon.

Ang Pamahalaang Lungsod sa kanyang pamumuno ay hindi nagpapabaya sa kapakanan ng mga Lolo at Lola dahil laging prayoridad sila sa mga ipinatutupad na programa at proyekto, dagdag pa ni Mayor Malou.

Samantala, bilang kinatawan ng mga senior citizens ay ipinaabot ni USCACOM Inc. President Angel Albo ang pasasalamat ng kanilang sektor kay Mayor Morillo gayundin sa iba pang opisyales ng lalawigan sa pagbibigay ng importansya sa kanilang hanay.

Si City Social Welfare and Development Officer Juvy Bahia ay dumalo rin sa naturang aktibidad upang makiisa sa Elderly Filipino Week Celebration ng mga senior citizens (Junard Acapulco/CIO).

